# Pagsibol, Pagsulong, Paglihis, at Pagwawasto:Mga Talâ hinggil sa Kasaysayan ng Pag-unlad ng Rebolusyonaryong Gawaing Pangkultura at Pampanitikan sa Panay (1970-2005)

**ROGER FELIX SALDITOS**

Salin sa Filipino ni:
**KARLO MIKHAIL I. MONGAYA**
kimongaya@up.edu.ph
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**ABSTRAK**

Salin ito ng sanaysay na isinulat sa wikang Hiligaynon ni Roger Felix V. Salditos, isang manunulat at rebolusyonaryong martir mula sa Kanlurang Kabisayaan. Inilatag ng sanaysay ang pag-unlad ng rebolusyonaryong gawaing pangkultura at pampanitikan na isinagawa ng kilusáng rebolusyonaryo sa Isla ng Panay mula sa taóng 1970 hanggang 2005. May mahabang kasaysayan ang Panay ng pagsiklab ng mga pag-aalsang magsasaká. Mayaman din itong bukal ng rebolusyonaryong panitikan at sining na sinikap bigyan ng panimulang dokumentasyon at pagsusuri sa sanaysay ni Salditos. Mula sa punto de bistang akademiko, may makabuluhang ambag ang sanaysay ni Salditos sa pagpapalawak at pagpapalalim ng mga naunang pagsisikap na imapa ang naabot at mga hanggahan ng mga produksiyong kultural at pampanitikan sa Isla ng Panay at Kanlurang Kabisayaan

**Mga susing salita:** Roger Felix Salditos, Panitikang Hiligaynon, Panitikang Rebolusyonaryo, Panitikang Pilipino, Isla ng Panay

## ABSTRACT

This is a translation of an essay written in the Hiligaynon language by Roger Felix V. Salditos, a writer and revolutionary martyr from Western Visayas. It lays down the development of revolutionary literary and cultural work in Panay Island from the year 1970 to 2005. Panay has a long history of peasant revolts. It is also a rich wellspring of revolutionary literature and art that Salditos sought to give a preliminary documentation and analyisis in this essay. From an academic perspective, the essay contributes to expanding and deepening earlier endeavors to map the feats and boundaries of literary and cultural production in Panay Island and the Western Visayas.

**Keywords:** Roger Felix Salditos, Hiligaynon Literature, Revolutionary Literature, Philippine Literature, Panay Island

## INTRODUKSIYON

Sa pakikibáka lában sa kolonyalismong Español, nagkaroon ng malaking papel ang kilusáng propaganda at kilusáng reporma ng uring ilustrado na tumayó bílang isang kilusáng pangkultura na nagbigkis sa taumbayan lában sa paghaharing Español. Kasáma sa kilusáng ito si Lopez Jaena, isang túbong Iloilo na naging isa sa mga tagapagtatag ng *La Solidaridad*. Kasáma rin niya sina Melecio Figueroa, Telesforo Sucgang ng Capiz, at Victorino Mapa na kasapi ng Juventud Escolar Liberal.

Ngunit higit na mapagpasiya ang pagtatatag ng balangay ng Katipunan sa Isla ng Panay na unang isinagawa sa mga baryo ng Lezo at Malinao, Aklan sa pamamagitan nina Candido Iban at Francisco Castillo. Siláng dalawa ay mga marinerong Aklanon na nagwagi sa loteriya at ginamit ang premyo upang bumili ng imprenta para sa paglalathala ng *Kalayaan*, ang pahayagan ng Katipunan. Ang pagtatatag ng Katipunan at ang distribusyon ng pahayagan nitó ay nagsilbing dalúyan ng rebolusyong pangkultura–patriyotiko at anti-kolonyal–ng rebolusyong 1896. Maraming pag-aalsa ang mga Panayanon. Itinakwil ni Teresa Magbanua ang tradisyonal na papel ng kababaihan upang lumahok sa rebolusyon. Itinuon ng isang kompanya ng mga Tiradores ng Culasi ang kanilang mga baril lában sa mga Español at sumapi sa puwersa ni Leandro Fullon ng Katipunan. Sumulong ang Rebolusyong 1896 ngunit panandalian lámang ito dahil sa pananalakay ng imperyalismong Estados Unidos at pagputok ng Digmaang Filipino-Amerikano ng 1899.[1]

Ang konsolidasyon ng nasyonalismo sa hanay ng taumbayan ay ipinahayag sa mga anyong kultural na lumaganap sa panahon ng paghaharing US sa mga unang dekada ng ikadalawampung siglo. Hindi naging madalí ang pagbura nitó sa pamamagitan ng mga panlilinlang ng mga kolonyalista at panununog ng mga banwa tulad ng ginawa nila sa Dumangas, Dueñas, Igbaras, at marami pa sa Panay. Lumitaw ang mga manunulat at makatang Hiligaynon na nagpahayag sa mga aspirasyon ng bayan. Dumami ang mga pahayagan sa probinsiya. Lumaganap ang mga rebolusyonaryong sulatín na nagpanawagan ng pagkilos at pagkamit ng tunay na kalayaan lában sa imperyalismong US. Higit na panunupil ang reaksiyon ng US sa pagpataw nitó ng Batas Sedisyon noong Nobyembre 4, 1901. Pakay ng mga mananakop ang demonisasyon sa mga Katipunero na patuloy na lumalában sa mga kabundukan ng Janiuay at Lambunao sa Iloilo.

Sa panahon ng kolonyal na paghahari ng imperyalismong US, kinasangkapan mismo ang kultura—ang edukasyon at relihiyon, kalakip ang Protestantismo, upang linlangin ang taumbayan. Sa Tapaz, Capiz, pinakawalan ang mga Amerikanong misyonero at pinalitan ang katutubong pangalan ng mga baryo sa mga pangalan ng mga presidenteng Amerikano tulad ng Mckinley, Wright, Roosevelt, at Taft. Ginamit nila ang mga atrasadong paniniwala ng taumbayan tulad ng "aswang" at ang kuwento ni Teniente Gimo sa Dueñas upang ihiwalay ang mga lumalában sa mga mananakop.[2] Isinagawa ito kasabay sa papatinding pananalakay ng Philippine Scouts at sa hulí ng Philippine Constabulary na itinatag ng US upang lipulin ang mga puwersang anti-imperyalista. Kabílang sa mga inatake ang mga espontanyong puwersa ng mga Puláhanes ng Passi at Calinog, ang mga puwersa ni Oto Valentin sa Maasin, at ang mga Yntrencherado ng Hilagang Iloilo. Umabot ng mahigit sampung taon bago tuluyang nalipol ang paglában ni Crispulo "Impong" Evangelio ng Hilagang Panay.

Nagpatuloy ang paglaganap ng kritisismong panlipunan na pinaypayan ng patuloy na umaalab na diwang makabayan na pumupuna sa mga opisyal ng gobyerno, kapitalista, at Amerikano na tinatanaw bílang mga salarin sa sumisidhing krisis ng kabuhayan na tumama sa mga pinakamahirap sa Isla ng Panay at Negros. Sa paglaganap ng mga diskursong Marxista at sosyalista sa kilusáng paggawa sa mga unang dekada ng ikadalawampung siglo ay lumaganap at tumampok ang mga welga ng manggagawa. Sa Panay, inorganisa ang Federacion Obreros de Filipinas (FOF) sa pamumuno ni Jose Nava, na bukod sa pagiging lider-manggagawa ay isang tanyag ding mandudulá at peryodista. Nag-organisa

[1] Tingnan ang *The Struggle against the Spaniards and the Americans in Western Visayas* (1998) ni Henry Funtetcha at *The Katipunan in Aklan* (1997) ni John Barrios.

[2] Tinatalakay ito sa sanaysay ni Salditos na "Ang Pag-alsa sang mga Mangunguma sa Panay batuk sa mga Dumuluong kag Paggamit sang "Aswang" bílang sangkap sang Nagaharing Sahi sa Pamahug kag Saywar" (2016).

at naging inspirasyon ng maraming produksiyong pampanitikan at artistiko ang mga kilusáng manggagawa at organisasyong lokal tulad ng Katilingban sang mga Inanak sa Pangabudlay [Kapisanan ng mga Anakpawis] at Katilingban sang Mamumugon sa Filipinas [Kapisanan ng mga Manggagawa ng Pilipinas]. Matapang sílang lumaban. Sa taóng 1922, nakamit nila ang pagtatatag ng sariling militanteng pahayagan sa Español, ang *La Prensa Libre*. Ang FOF ay naging malakas sa Visayas at maging sa Mindanao. Noong taóng 1930, itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP-1930) sa pamumuno ni Crisanto Evangelista.[3]

Naging mahalagang puwersang militar na lumaban sa pananananalakay ng imperyalistang Hapones ang ang Hukbo ng Bayan Lában sa Hapon (HUKBALAHAP) na itinatag ng PKP-1930 noong 1942. Ngunit hindi nagkaroon ng presensiya ang HUKBALAHAP sa Isla ng Panay sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang mga patriyotikong gerilya na lumaban sa mga Hapon dito sa isla ay naglunsad ng kauna-unang ambus lában sa mga tropang Hapon sa Bundok Dila-Dila sa Calinog, Ilolio.[4] Binigyang-representasyon ang mga taon ng digma sa mga obrang kultural, lalo na sa anyong komposo. Kalakhan nitó ay anonimo bílang bahagi ng kultura ng paglában, lalo na sa kanayunan. Sa pagbalik ng imperyalismong US sa Tigbauan, Iloilo, lubusan nang natalo ang Hapon sa balanse ng digma. Itinatag ng US ang isang papet na republika noong 1946 sa pamumuno ni Manuel Roxas, ang unang tutang pangulo na nagmula sa Panay. Sinundan siya nang iba pang mga papet na pangulo na patuloy na naghahari hanggang sa kasalukuyan.

Ang dominanteng kultura ay kontrolado ng US at kaniyang mga lokal na galamay. Ang mga hulíng henerasyon ng manunulat ay mga produkto ng sistema ng publikong paaralan at masmidya na nakatuon sa pagkonsumo ng mga Americanong eksport kalakip na ang mga pelikulang Hollywood. Gayunpaman, kinatawan ng rebelyong Huk na pinamunuan ng PKP-1930 ang kultura ng paglában at paglantad sa kabulukan ng mga naghaharing uri sa gitnang bahagi ng dekada 1940 hanggang sa maagang parte ng dekada 1950.[5]

Mula dekada 1960 hanggang 1980, tumindi ang krisis ng sistemang mala-kolonyal at mala-piyudal at hindi kinakailangan ng ganitong sitwasyon ng romantisismo o romantikong realismo. Ang panahong ito ay humihingi ng matitibay na proletaryadong rebolusyonaryo na makakasulóng ng isang komprehensibong kilusán para sa panlipunang pagbabago kalakip na ang pag-usbong ng isang bagong kultura na naging sangkap sa pagbagsak ng pasistang diktadura ni Marcos noong 1986.

Totoong kontrolado ng rehimeng Marcos ang masmidya sa pagpataw nitó ng Batas Militar noong 1972, ngunit hindi nitó mapigilan ang pag-unlad ng isang kontra-kultura ng paglában. Hindi nitó nalipol ang pakikibáka para sa tunay na kalayaan at demokrasya na naglalarawan sa totoong kalagayan ng taumbayan sa rehiyon at naglatag ng alternatibong lipunan. Malaki ang papel dito ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na muling-itinatag noong 1968 at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na itinatag noong 1969 at dumating sa Isla ng Panay noong taóng 1971.[6] Maraming manunulat sa Hiligaynon, Kinaray-a, at Aklanon ay sumapi sa kilusáng lihim at nagpatuloy ng pagsulat doon o kayâ ay tuwirang sumapi sa armadong pakikibáka.

Ang progresibo at rebolusyonaryong pakikibáka sa rehiyon at sa buong bansa ay nagbigay ng dinamismo at kasiglahan at nagdulot ng pagrebolusyonisa sa kultural, pampanitikan, at artistikong ekspresyon sa isla. Ang kalinangang bayan na ito ay ibinunga ng paghaharap ng mga progresibo at rebolusyonaryong puwersa sa realidad ng paghaharing militar at patuloy na tumitinding krisis. Ang praktika ng pakikibáka ang naging materyal para sa malikhaing pagbabalangkas ng samu't-saring anyong kultural–prosa, panulaan, sining, dulâ, at iba pa na kumakatawan ng isang makabayan, makamasa, at siyentipikong katangian. Maraming manunulat at manggagawang pangkultura ang nahubog sa kilusáng ito. Kahit na hindi kinikilala sa mga dominanteng institusyon, ang lumalawak nitóng impluwensiya at linya ay hindi na mababalewala. Ang katotohanang ito sa Isla ay hindi na maisasantabi ng sinumang obhetibong manunulat at kritiko na kumikilala sa papel ng mga rebolusyonaryong puwersa sa pamumulaklak ng maraming bagong panitikan at sining mula sa nakaraan hanggang sa kasalukuyan.

## PAGSIBOL NG REBOLUSYONARYONG PRODUKSIYONG PANGKULTURA AT PAMPANITIKAN (1970–1984)

Ang pagsisikap na ipatuloy at paunlarin ang gawaing pangkultura ay hindi lumitaw na espontanyo sa gitna ng panunupil ng diktadurang Marcos. Ito'y isinulong sa kabila ng panganib, ito'y ipinaglában, pinatuluan ng dugo at pawis, at maging ng búhay. Ito'y may sinasandigang mga prinsipyo.

*Pagpapataas sa kultural na nibel ng masa*. Nang maabot ng unang pangkat sa pagsisiyasat ang Isla ng Panay noong 1971, tinukoy ang mga hanggahan ng Aklan-Iloilo-Capiz bílang mga estratehikong sona para sa pag-oorganisa at pagpapalawak sa mga kalapit na mga lugar. Binuo ang unang yunit ng BHB sa isla.[7] Inorganisa nila ang masa at pinakilos lában sa mga tulisán,

[3] Basahin si McCoy (Ilo-ilo fractional conflict in a colonial economy, Iloilo Province, Philippines, 1937-1955; "A Queen Dies Slowly"; at "The Iloilo General Strike" para sa mas detalyadong pagsasalaysay sa kasaysayan ng mga tunggalian ng uri sa Iloilo at Negros sa panahong ito.

[4] Tingnan din ang The War in Panay (1952) ni Doromal at Guerrilla warfare on Panay Island in the Philippines (1977) ni Manikan.

[5] Mas idinedetalye ni Salditos ang naging kinahinatnan ng rebelyong Huk sa Isla ng Panay sa sanaysay na "Halaud – Ang Pulá nga Suba sa Kasaysayan kag Paghimakas sang Panaynon" (2015).

[6] Tingnan ang 2008 na panayam ni Delia Aguilar kay Ma. Luisa Posa Dominado sa *Bulatlat*.

[7] Hindi naging matagumpay ang mga panimulang pagtatangkang buoin ang unang prenteng gerilya sa silangang patag ng Capiz, Panay

despotikong panginoong maylupa, at pangangagaw ng lupa para sa mga pastulan. Upang mapataas ang kanilang kultural na lebel, tinuruan ang masa ng mga sistemang pangkalinisan at medikal at mga sistema sa pagpapataas ng produksiyong agrikultural. Iipinakilala sa kanila ang pamamaraang siyentipiko at tinuruan sila sa mga kalagayang panlipunan at pakikibákang rebolusyonaryo. Inilunsad ng Partido ang programang literasiya at numerasiya noong 1973 sa prenteng gerilya sa hanggahan ng Aklan at Capiz, at noong 1976 sa iba pang prenteng gerilya sa hanggahan ng Aklan at Antique kung saan pinagkaitan ng pag-aaral ang kabataan.[8]

Dito papasok ang paglikha ng mga binalaybay, komposo, adaptasyon ng mga awit, at maiikling kuwento na ginamit para sa mga programang literasiya-numerasiya at mga gawaing propaganda-edukasyon. Sa mga unang taon, bitbit ng mga kadre at aktibista ang mga awit mula sa mga lungsod na isinalin mula sa Filipino. Mula sa taóng 1975 at mga sumunod na taon, ang pagsulong ng mga karanasan ng mga kasáma[9] at masa ay sinalamin sa paglawak ng mga tema at paksa ng mga isinagawang sining at panulat. Maraming mga tula at mga isinaling awit ang inangkop sa Aklanon sa mga bundok ng Aklan at Hilagang Antique, at sa Kinaray-a sa mga hanggahan ng Capiz-Iloilo-Aklan.

Sa mga hulíng taon ng 1970 at 1981, makikita na ang anyo at nilalaman ng gawaing pangkultura ay umunlad kasabay sa pagsulong ng mga kampanyang masa at pagkilos na anti-piyudal at anti-militarisasyon. Pagdating ng taóng 1981, ipinakilala ng mga kasáma mula sa ibang rehiyon ang iba pang mga anyo tulad ng sayaw, mima, at simpleng iskit. Isinagawa rin ang pagsasáma sa mga anyong tradisyonal tulad ng komposo, lúwa, at ambahan ng Sentral Panay. Noong 1981, inilunsad ang isang kumperensiya sa gawaing pangkultura sa Panay. Higit nitóng binigkis ang mga subhetibong puwersa upang mapasulong ang gawaing ito.

*Rebolusyonaryong peryodismo*. Nakamit sa panahong ito ng mga prenteng gerilya at putíng purok[10] sa Panay ang kapasidad na lumikha ng mga rebolusyonaryong pahayagan. Inilabas noong 1976 ang *Igrab* bílang rehiyonal na rebolusyonaryong pahayagan sa Kanlurang Kabisayaan. Una namang lumabas ang *Daba-Daba* bílang rebolusyonaryong pangmasang pahayagan sa Aklan at Hilagang Antique noong 1977. Nariyan din ang *Daba-Daba Newsfiles*, ang suplementong edisyong English ng *Daba-Daba* na lumabas noong 1979 para sa mga propesyonal at panggitnang puwersa.[11] Lumabas naman ang *Paghimakas*, ang rebolusyonaryong pangmasang pahayagan sa Timog Negros noong 1981. Nang inilunsad ang kampanya sa rebolusyong agraryo sa Hilaganang Panay noong 1981, inilabas naman ang *Pandayan* bílang dalúyan ng mga oryentasyon, pagtatása, at paglalagom sa mga danas at aral para sa mga organisador at mga aktibista ng mga partikular na prenteng gerilya.

Lumitaw pa ang mas marami pang mga rebolusyonaryong pangmasang pahayagan sa isla bukod sa mga nabanggit. Isinilang ang *Inaway Banwa* bílang pangmasang pahayagan sa Hilagang Panay noong 1980. Nariyan ang *Partisano* na naging lihim na pangmasang pahayagan sa Metro Iloilo noong 1983, ang *Martsa* na naging rebolusyonaryong pangmasang pahayagan sa Timog Panay noong 1984, at ang *Puláng Sidlangan* na naging rebolusyonaryong pangmasang pahayagan sa Silangang Panay noong 1988. Noong 1985–1986, inilabas naman ang *Kontradiksiyon* bílang politikal na journal ng rehiyon na naglalaman ng mga tása at lagom ng mga kampanya at iba pang panawagan ng Partido na hindi mailakip sa *Daba-Daba.*

Sa pangkabuoan, kalakip sa nilalaman ng mga nabanggit na rebolusyonaryong pangmasang pahayagan ang mga editoryal, balita, balita-analisis, panayam, lathalain, satire (tulad ng kolum na *Alipalok* sa *Daba-Daba*), mga seksiyong pampanitikan, komiks (tulad ng Caduy sa *Daba-Daba*), glosaryo para sa pag-angkop ng wika, feedback, at mga anunsiyo. Kasáma ng mga pahayagang ito ang mga manipesto, praymer, at iba pang anyong nakasulat para sa mga partikular na isyu, kampanyang masa, at pagkilos.

Ramdam ng kaaway ang epekto ng rebolusyonaryong panitikan kayâ napilitan siláng maglabas ng sariling mga reaksiyonaryong diyaryo. Nariyan ang “Giya” sa wikang Aklanon sa pangunguna ng PC-INP sa probinsiya ng Aklan (sina Capt. Felix Muchada at Capt. Blanco Pamatay ang nása likod nitó), ang “Silahis” na bersiyong Filipino ng PC-INP Aklan, at ang “Dabu-Dabu: Pamatay sa Kalayo” na bersiyong Kinaray-a naman ng PC-INP sa Antique. Paisa-isa siláng tumigil nang 'di pa matapos ang taóng 1983 at binawi ang pagbánat sa rebolusyon sa pamamagitan ng mga estasyon ng radyo.

Noong 1980–1981, umabot ang sirkulasyon ng *Daba-Daba* sa Guimaras at Negros Occidental at inilathala sa mga edisyong Hiligaynon at Aklanon. Sa ikalawang hati ng 1981, nagpasiya ang Partido sa rehiyon na gawíng rehiyonal na pahayagang pangmasa sa Panay ang *Daba-Daba.* Tumayó naman ang *Paghimakas* bílang rehiyonal na pahayagang pangmasa sa isla ng Negros. Mula sa mga nakamimyograp na isyu sa una nitóng labas noong Pebrero 1977, at ang reproduksiyon nitó sa pamamagitan ng desentralisadong paglimbag na V-type sa apat na mayor na prenteng gerilya, isang prenteng partisano, at

noong 1971 (Sison, “Summing Up Our Experience After Three Years”). Mas naging mabunga ang armadong pag-oorganisa sa mas estratehikong mga bulubunduking hanggahan sa Central Panay (Salditos, “Halaud”).

[8] Tinatalakay ito sa “Roger Felix V. Salditos and agrarian class struggles in Panay Island, Philippines” ni Mongaya (forthcoming).

[9] Tumutukoy ang mga kasáma rito sa mga aktibista at kadre na sumulong ng rebolusyonaryong simulain bílang mga kalahok ng kilusáng mapagpalaya. Tingnan si (Mongaya, "Models of Revolutionary Action").

[10] Sa wika ng kilusáng rebolusyonaryo, tumutukoy ang mga “putíng purok” o “white area” sa mga kinikilusang lugar ng kilusán sa labas ng mga sonang gerilya o “puláng purok” na mga teatro ng aktuwal na pakikidigmang gerilya.

[11] Para sa kilusáng rebolusyonaryo, ang mga panggitnang puwersa ay tumutukoy sa mga edukadong seksiyon ng lipunan na nagsisilbing mga tagahulma ng opinyon at sa gayon ay mahalagang puwersa na dapat mahamig sa panig ng rebolusyon (Sison, “Our Urgent Tasks,” 389).

mga putíng purok sa Panay, narating ng pahayagan ang antas ng offset na paglimbag sa imprenta sa mga taóng 1985 hanggang sa dekada 1990.[12]

Sa pakikipagpalitan sa ibang mga rehiyon, nakarating sa Panay ang iba pang mga pahayagan kahit na limitado ang kopya. Nagsilbi ang mga itong sanggunian upang matutuhan ang kalagayan sa ibang mga rehiyon: *Paghimakas* (Negros), *Pakigbisog* (Central Visayas), *Larab* (Eastern Visayas), *Dangadang* (Hilagang Luzon), *Asdang* (Hilangang Mindanao), *Silyab* (Bicol), *Kalatas* (Timog Katagalugan), *Puláng Silangang* (Gitnang Luzon). Habang patuloy ring tinatangkilik ang mga pambansang pahayagan tulad ng *Ang Bayan*, ang pahayagan ng pamunuan ng Partido, *Liberation*, *Balita ng Malayang Pilipinas*, atbp.

*Mga songbuk, antolohiya, awit, at pagsasalin*. Noong 1980, inilathala ng Integrated Regional-Provincial Propaganda, Publication and Translation Staff (IRPPTS) ang isang songbuk na naglalaman ng mga rebolusyonaryong awit at tula sa Hiligaynon, Aklanon, at Filipino na may kalakip na mga sketch at drawing. Lumabas din ang typescript ng koleksiyon ng mga tula na "War Poems from Panay" ni Servando Magbanua na may introduksiyon ni Ka Girom. May mga tula na sulat ni Norman Paisano "Ka Girom" Armada at Bayani Obrero. Kinatha ni "Andante Arador" Jose Percival Estocada[13] Jr. ang mga popular na kantang "Ako Mangunguma" na isinalin sa Filipino at pinasikat ng grupong Patatag sa kanilang album na *Nagbabagang Lupa* at "Sugilanon nga Tumandok" na tungkol naman sa pasismo ng PC.

Mulang 1981 hanggang 1984, dumami ang bílang ng mga materyales para sa propaganda, gawaing pangkultura, at edukasyon na isinalin sa Hiligaynon at Aklanon. Sinimulan ang pagsasalin ng *Ang Bayan* sa Hiligaynon sa pagtatag ng korespondensiya ng rehiyon sa pambansang organo. Isinalin sa Hiligaynon at Aklanon ang mga awit mula sa Silangang Kabisayaan at iba pang mga lugar. May mga salin ng mga teksto ng mga kursong pangmasa at pampartido, mga babasahín at sanggunian, at mga gabay para sa partikular na linya ng gawain–mga manwal sa gawaing militar, medikal, at iba pang tungkulin. Sa panahong ito rin naglabas ng gabay sa pagsasalin ang kawanihan ng mga organo ng sentral na pamunuan ng Partido upang magkaroon ng komon na mga prinsipyo at konsiderasyon para sa pagsasalin ng Filipino sa iba pang wika sa rehiyon.

Tumampok ang teatrong gerilya sa panahong ito sa pamamagitan ng mga iskit, dulâ, mima, at sayaw, na isinama sa mga tula at awit. Itinanghal ang mga ito ng mga buong-panahon at lokal na mga aktibista sa iba't ibang okasyon mula sa mga seremonya ng pagtatapos sa mga programang literasiya, rebolusyonaryong kasal, selebrasyon ng anibersaryo ng Partido at Hukbo, púlong ng masa, at iba pang internal na mobilisasyon ng Partido at Hukbo tulad ng pagsasanay ng militar at pag-aaral ng Batayang Kursong Pampartido.[14]

Kinatha ni Edward Oliver De la Fuente[15] ang mga orihinal na kantang "Awit sa Kasal" at "Pasismo" (para sa mga biktima ng Bakong Massacre sa Culasi, Antique noong 10 Disyembre 1981)[16] na inangkop sa tono ng awit ni Freddie Aguilar na "Bulag, Pipi at Bingi." Binigyan niya rin ng orihinal na tono ang "Bilin" na mula sa tula ni Pete Lacaba na isinalin ni Rio Roja sa Aklanon at Hiligaynon. Kabílang sa iba pang mga tula ni Ka Edward ang "Indi Makahueat Rong Panahon," "Sining Kagab-ihon," at "Tribute To Ka Dimas" na isinulat bílang parangal kay Ka Rene Baldomero na namartir noong 1981.

Tampok sa panahong ito ang mga tula ni Rio Roja, Rubio Rus Lucha, o Rojo Sangre. Nariyan din ang kolaborasyon nina "Ka Kristin" Jojie Paduano at Bayani Obrero para sa pagkatha ng orihinal na kantang "Inspirasyon" at "Bilin sa Anak," at iba pang tula tulad ng "Alimpuros." Naglabas din si Jaime Kasanag at ibang mga kasáma na walang sagisag-panulat ng koleksiyon na "Mga Sinipad nga Dahon sang Madyaas." Kinatha ni Jaime Kasanag ang mga orihinal na kantang "Nguynoy sa Tunga sang Katalunan," "Permi naton Dumdumon," "Sa Lubos nga Pag-alagad sa Pumulyo," at "Dali Na!" na pumapatungkol sa mga kampanya ng konsolidasyon ng Front Guerrilla Unit ng BHB sa isla noong 1982–1983.

Si Ka Lito, isang kadre mula sa Negros noong 1980–1981, ang nagbigay ng orihinal na tono sa mga tula ni Norman Paisano Armada at iba pang makata tulad ng "Bag-ong Hangaway sang Banwa" at "Mabuhi ka Kaupod" (alay sa alaala ng martir na si Ka Girom). Ginawan niya rin ng tono ang kaniyang mga orihinal na lirikong komposisyon tulad ng "Inay, Ako'y Aalis" at "Paalam na Kasáma." Bago pa nitó, maraming awiting Aklanon ang isinulat at binigyan ng mga adaptasyon sa

[12] Ang prenteng gerilya ay mga espasyo sa kanayunan, lalo na sa mabundok at masukal na bahagi nitó, kung saan inilulunsad ng mga rebolusyonaryo ang pakikidigmang gerilya. Ang prenteng partisano ay mga lugar sa mga lungsod at patag kung saan inilulunsad ang pakikidigmang partisano.

[13] Naging tagapagsalita ng National Democratic Front-Panay si Estocada sa panahon ng usapang pangkapayaan sa pagitan ng gobyerno at kilusáng rebolusyonaryo noong 1986. Pinaslang siya ng mga ahente ng militar sa Iloilo City sa kalagitnaan ng mga negosasyong ito. Bago nadestino sa Isla ng Panay noong 1976 ay kasapi siya ng Kabataang Makabayan habang nag-aaral ng Geodetic Engineering sa UP Diliman. Pinangunahan niya ang Kawanihan sa Edukasyon at Propaganda ng PKP sa rehiyon sa panahon ng kaniyang pagkamatay. Bukod sa pangalang Andante Arador, ginamit din ni Estocada ang pangalang Servando Magbanua upang pirmahan ang kaniyang mga tula. Mababása ang ilan sa kaniyang mga tula sa koleksiyong *STR, Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas* (1989).

[14] Tingnan ang *Bangon: Antolohiya ng mga Duláng Mapanghimagsik* (1998) na pinapatnugutan nina Glecy C. Atienza, Bienvenido L. Lumbera, at Galileo S. Zafra para sa ilang halimbawa ng mga dulá ng kilusáng lihim.

[15] Si De La Fuente ay naging martir ng kilusáng rebolusyonaryo noong Abril 20, 1984. Sinalvage siya at dalawa niyang kasáma ng militar sa bayan ng Ibajay, Aklan. Halos isang dekada na siyang aktibo sa kilusáng rebolusyonaryo sa panahong ito. Una siyang naging aktibo sa Kabataang Makabayan (KM) sa Central Philippine University (CPU) sa Iloilo City. Nagpasiya siyang lumahok sa armadong pakikibáka noong taóng 1973 matapos siyang dinakip at binugbog ng militar dahil sa pagsulat ng mga islogang anti-diktadura sa kanilang kampus (Bantayog ng mga Bayani Foundation Inc., 113–114).

[16] Tingnan din ang salaysay ng Human Rights Violations Victims Memorial Commission hinggil sa Culsai Massacre ng 1981.

mga awiting popular: "Kakwati" (sa tono ng "Matud Nila"), "Maghanda ka Kaupod" (sa tono ng "Tayo na sa Antipolo"), "Rong Partido Komunista" (sa tono ng "South of the Border"), "Rong Rebolusyon sa Atong Nasyon" (sa tono ng "Pandan Rosas"), "Gyera't Banwa (sa tono ng "Dagohoy"), "Madugay na Kitang Ginhimuslan" (sa tono ng "Sampaguita"), upang mabanggit ang ilan.

Noong 1983, inilabas ang unang isyu ng *Sublak* bílang pamapanitikang folio ng Panay upang konsolidahin ang mga nalikhang akdang kultural at itulak ang marami na lumikha pa ng mas maraming komposisyon. Noong Pebrero 2001 na lámang muling inilathala ang *Sublak* matapos temporaryong natigil ang publikasyon nitó noong taóng 1987. Ang *Ulos*, ang pambansa-demokratikong folio ng ARMAS na may pambansang saklaw, ay patuloy ring nakararating sa isla. Nitóng hulí, ang isang isyu ng *Ulos* ay nakatuon sa mga akda mula sa Panay, kabílang na ang "Sa Anak" ni Ka Pinay, "Datus sa Kabuhi" ni Mayamor, at "Language of Reality" ni Mary Jane Dumaplin na inilathala sa pangalang Ka Tingting.

Isinagawa rin ang isang kumperensiya sa rebolusyonaryong peryodismo ng mga manunulat at artistang biswal sa Visayas sa pangunguna ng kawanihan ng *Ang Bayan*. Dinaluhan ito ng mga istap ng *Daba-Daba* ng Panay, *Paghimakas* ng Negros, at *Pakigbisog* ng Gitnang Kabisayaan ngunit hindi nakarating ang delegasyon mula sa *Larab* ng Silangang Kabisayaan. Nagkasundo ang mga kalahok na magkaroon ng regular na palítan ng mga danas at akdang pangkultura. Sa okasyong ito, ipinása ng mga taga-Panay ang ilang akdang pampanitikan sa Burong Kultural ng pambansang pamunuan ng Partido at sa *Liberation.* Ang mga isinumiteng ito nina Jaime Kasanag, Servando Magbanua at Rio Roja ay inilakip sa koleksiyon ni Kris Montañez na *STR, Mga Tula ng Digmang Bayan sa Pilipinas* (1989) at *Muog: Ang Naratibo ng Kanayunan sa Matagalang Digmang Bayan sa Pilipinas* (1998). Sa panahon ding ito ipinalaganap ang mga tape at songbuk ng album na *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* (1982).

Bukod sa rebolusyonaryong peryodismo, mga anyong kultural sa kanayunan, at mga album ng musika ng mga progresibo at rebolusyonaryo, aktibo ring isinagawa ang paglabas ng mga manipesto, polyeto, praymer, OP-OD,[17] OP-Balsa, istrimer at banner ng mga islogan sa kanayunan at mga lungsod ng isla ng Panay at Negros. Aktibo rin sa panahong ito ang mga legal na dalúyan ng mga progresibong manunulat sa mga tinaguriang "micro-media" ng mga parokya ng simbahan. Ilang halimbawa nitó ang *Mukeat* sa isang lugar sa Aklan, *Manalagna* sa isang malaking simbahan sa Iloilo, at ilan pa sa ibang lugar ng Negros. Naging dalúyan din ng pagpapalaganap ng pambansa-demokratikong linya at progresibong kaisipan sa kabataan ang mga publikasyong mag-aaral sa mga unibersidad at kolehiyo.

## ANG PANAHON NG PAGSULONG NG REBOLUSYONARYONG PRODUKSIYONG KULTURAL AT PAMPANITIKAN (1985–1987)

Ang taóng 1984 ay idineklara ng kilusáng rebolusyonaryo bílang pinakamabungang taon para sa gawaing pangkultura. Sa pagpasok ng 1985 hanggang sa pag-aalsa sa EDSA noong 1986, pinanghawakan ng Partido sa Panay ang malinaw na direksiyon sa gawaing pangkultura. Nagresulta ito sa konsolidasyon at paglikha ng mga akdang kultural na may iba't ibang anyo, kapuwa sa larangang legal at ilegal, at sa mas malawak na pagpapalaganap at pag-unlad ng nilalaman. Ang bolyum at kumulatibong awtput ay may kontribusyon sa pagbubuklod sa sambayanan sa tamang pagsusuri sa mga kalagayang panlipunan patúngo sa pagpapatalsik ng pasistang diktadurang Marcos noong 1986. Ang kantitabong datos ay nagpapakita na bukod sa pagpapanatili at paglabas ng mas maraming rebolusyonaryong pahayagan ay naging mas popular pa ang mga manipesto, praymer, poster, at komiks lalo na sa kanayunan. Inilathala ang isang bersiyong komiks ng *Espesyal na Kursong Masa* para sa magsasaka. Ginawa ring komiks na inilapat sa mga slides at ibinahagi sa masa at mga alyado ang salin sa Hiligaynon ng *Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino*.

Naglabas ang *Sublak* ng mga tape recording ng mga awiting rebolusyonaryo noong 1987. Sa taóng1984, nagkaroon ng brektru ang beta production at dokumentasyon tulad ng isinagawa sa paglibing kay Edward de la Fuente. Sa panahon ding ito, ipinadalá sa labas ng bansa ang isang kawani ng rehiyonal na buro para sa propaganda, edukasyon, at kultura upang magsagawa ng pagsasanay sa dokumentasyon at produksiyong bidyo. Aktibo ang gawaing pangkultura sa hanay ng hukbong bayan at masa. Mas maraming kanta ang umabot sa rehiyon at mas marami pa ang kinatha batay sa sariling mga danas. Aktibong inilunsad ang mga dulá, mima, pagtutula, at mga sayawan.

Mahalaga rin ang mga pag-unlad sa mga putíng-purok, lalo na sa mga sentrong urban. Tampok dito ang konduktor ng mga konsiyertong musikal ng mga alyadong musikero at pag-isponsor ng mga konsiyerto ng progresibong grupo tulad ng Patatag. Ang samahán ng mga musikero ay pinalawak at naging aktibo sa mga aktibidad na ito. Higit na mahalaga ang pagiging aktibo ng mga grupong panteatro ng mga alyansang legal at organisasyon sa mga komunidad at paaralan sa antas hay-iskul at kolehiyo. Inilunsad ng mga alyansa ang mga malalaking pagtatanghal at pagtitipong kultural. Nakaugat din ang mga pagtatanghal sa mga malalaking mobilisasyon tulad ng lakbayan, welgang bayan,[18] martsa-rali, at vigil. Isa na rito ang vigil noong 1986 sa pagkamartir ni Jose Percival Estocada, Jr. na pinarangalan sa loob ng halos isang linggo sa St.

[17] Ang OP-OD ay tumutukoy sa Operasyong Pinta-Operasyong Dikit, ang pagpipinta at pagdidikit ng mga panawagang rebolusyonaryo at islogan sa mga pader at lansangan.

[18] Maaaring basahin ang artikulong "Sosyo-Semyotiks ng Welgang Bayan" ni Mongaya tungkol sa welgang bayan bílang isang partikular na anyo ng pagkilos.

Clements, Iloilo bago siya inilibing. Mas marubdob ang mga pag-unlad sa larangan ng teatro sa karatig na isla ng Negros.[19]

Isa pang tampok sa panahong ito ang paggamit ng sining biswal sa mga mural sa Panay at lalo na sa Negros, sa mga pader, wide canvass, at effigy. Isang malaking salik nitó ang pagtatag ng mga alyansa at organisasyon ng mga progresibong artistang biswal na minaksimisa sa mga kampanyang masa. Ang mga legal na organisasyon ng magsasaka ay nailában din ang pagkakaroon ng regular na airtime sa mga estasyon ng radyo na naging dalúyan ng mga progresibong akda, talakayan ng isyu, kasaysayan, at mga anunsiyo.

Ang kombinasyon ng lahat ng ito, mula sa kumulatibong punto de bista, ay nagpayaman ng isang kulturang bayan na may oryentasyong pambansa demokratiko sa iba't ibang larangan at anyo ng mga kilalá at di-kilaláng manggagawang pangkultura, artista, at manunulat. Signipikante itong nag-ambag sa pag-unlad ng mga sulatín at ekspresyong pampanitikang Hiligaynon at nagpayabong sa Hiligaynon bílang isang wika.

Ang mga akdang ito ay tumuon sa pagläban sa mga mapagsamantala at mapang-aping kalagayan at krisis na pinatinidi ng diktadurang Marcos. Ang sitwasyong politikal sa taóng1984–1985 ay naging higit na paborable sa kilusán. Tumindi ang krisis panlipunan at mga kontradiksiyon  sa pagitan ng mga naghaharing uri, lalo na pagkatapos ng pagpaslang kay Ninoy Aquino noong 1983 at mga pigapit ng pagsulong ng armadong pakikibáka at pagkilos ng iba pang puwersang rebolusyonaryo. Ang sentimyento ng mainstream na panitikan at masmidya sa rehiyon ay hindi na masusupil ng blokeng Marcos-Benedicto-militar. Bumaha sa mga lungsod ang mga babasahín, lalo na ang mga poster, istrimer, OP-OD, at OP balsa na may mga islogan. Maging si Conrado Norado, isang manunulat sa Hiligaynon na gobernador noon ng Iloilo, ay napilitang lumahok sa mga pagkilos at rali ng taumbayan noong 1985 at nagsagawa ng mga hakbang upang maibsan ang kumukulong gálit ng masa sa diktador.

Bago pa man at sa gitna mismo ng tigil-putukan noong 1986, ilang press conference ang ipinatawag ng Partido sa Panay sa loob ng mga sonang gerilya na dinaluhan ng mga kasapi ng nakalimbag at brodkas na masmidya. Isang halimbawa nitó ang okasyon ng pagpapalaya ng isang bihag ng digma na nangyari sa Miag-ao, Iloilo. Bago nitó, epektibong ginagampanan ang gawaing media liaison bílang bahagi ng gawaing alyansa. Sa ilang pagkakataon, ang mga progresibo at rebolusyonaryong puwersa ay naging tagalikha ng balita, nilalaman ng mga diyaryo, at paksa sa mga talakayan sa diyaryo. Ang mga awiting BHB na inirekord ng mga manggagawa sa midya, mga pagbigkas ng tula, at mga pahayag ng kilusáng rebolusyonaryo ay ibinrodkas sa radyo. Ang sitwasyong ito ay nagdulot din sa pagpapaluwag sa espasyo ng masmidya sa paglawak ng "demokratikong espasyo" sa panahon ng pagkapangulo ni Corazon Aquino at pagputok ng iba't ibang opinyon at malakas na impluwensiya ng kilusán at ng mga produksiyong kultural nitó.

Batay sa linyang pambansa-demokratiko, ang mga Panayanon ay lumikha ng kultura at panitikang hindi natali sa rehiyonalismo, kundi, nakadugtong at sumaklaw ng kritikalidad at pagläban mula sa nakaraan hanggang sa panahon ng paghaharing militar. Ang kilusán sa kanayunan ay lumikha ng sarili nitóng panitikan. Produktibo maging ang mga bílanggong politikal kalakip ang kanilang mga awit, tula, at kard, atbp. at ang kilusáng lihim sa mga lungsod. Ang rebolusyonaryong kultura at panitikan ay naging sandata para sa pagpukaw, pagbibigay pag-asa, pag-oorganisa, at pagpapakilos ng sambayanan. Ito'y naging materyal na puwersa na nagbuklod sa taumbayan sa isang isla sa iisang sentimyento at nag-ambag sa pangkalahatang pagsisikap ng sambayanang Pilipino upang pabagsakin ang diktadurang Marcos. Maging ang mga mainstream na sulatín, mga anyo ng ekspresyong pampanitikan, musika, at sining biswal ay nahikayat ng mga sulatíng progresibo at rebolusyonaryo na lumahok sa daluyong na ito.

## ANG PAGHUPA BUNGA NG PAGLIHIS AT ATAKE NG TOTAL WAR (1987–1991)

Sa ikalawang hati ng dekada 1980, makikita pa rin natin ang puwersa ng gawaing kultural na dumadaloy sa mga bukás na kultural na aktibidad. Ngunit apektado na ito sa mga salpok ng tumitinding panunupil sa ilalim ng "Total War" ni Pangulong Corazon Aquino sa mga pulá at putíng purok.[20] Higit na mahalaga ang pansamantalang pangingibabaw ng maling linya bago ang paglunsad ng Ikalawang Dakilang Kilusáng Pagwawasto sa isla sa unang hati ng dekada 1990.

Sa kabila ng panawagan para isang "kulturang opensiba" ng DUNGOG, ang bukás na pederasyon ng mga organisasyon at alyansang kultural na saklaw ang buong Kabisayaan, may malinaw na paghina sa mga kultural na aktibidad simula sa pagkatapos ng tigil-putukan ng 1986–1987. May ilang eksensiyon kalakip ang ilang aktibidad tulad ng malaking konsiyerto noong 8 Marso 1987, Araw ng Kababaihan, na nagpatampok ng mga orihinal na komposisyon at pakikibáka ng kababaihan at sa teatrikal na drama-dulá ng grupong Subli. Tinipon ang mga rekurso at puwersa sa panahong ito upang maisagawa ang Uranyum 235, isang konsiyerto lában sa Baseng Militar ng US noong Disyembre 10, 1987 na inilunsad sa pamamagitan ng alyansang Muklat nga Mangangambong sa Yloylo (AMAY).

Pinaslang ng militar si Servando Magbanua o Jose Percival Estocada Jr. noong Hulyo 1986 sa harap ng

[19] Ito ang paksa ng tesis ni Rosario Cruz Lucero na "Negros Occidental 1970–1986: The fall of the sugar industry and the rise of people's theater."

[20] Tingnan ang mga aklat na *Creating the Third Force* (1987) ni Walden Bello at *Policing America's Empire* (2011) ni Alfred McCoy tungkol sa kasaysayang ito.

St. Paul's Hospital. Bahagi ito ng mga operasyong may pambansang saklaw ng rehimeng Aquino na tinarget din ang mga Olalia at si Lean Alejandro.[21] Ang mga komunidad sa palibot ng Metro Manila ay pinugaran ng mga vigilante tulad ng Bantay Banwa, Alsa Masa, Bantay Dagat, at Field Force ng PC-INP nina Sgt. Elinsano at Capt. Bonifacio. Reaksiyon ito sa mga maling linya ng oryentasyong opensiba ng kilusáng masa sa mga lungsod at ang militaristang pagpapainit ng mga operasyong partisano at gawaing gangster tulad ng "Operasyon Platinum" na umigting sa mga taóng 1987–1989.

Naglunsad ang kaaway ng sunod-sunod na malalaking operasyon sa pangunguna ni Gen. Raymundo Jarque (na sa dulo ay sumapi sa NPA)[22] na paisa-isang lumupig sa mga prenteng partisano (sa sentral na kapatagan ng probinsiya ng Iloilo at karatig na Isla ng Guimaras) at sa mga prenteng gerilya sa buong isla ng Panay mulang 1987 hanggang 1989. Kasáma rito ang Oplan Mayflower, Oplan Summersault, Oplan Rollingstone, Oplan Habagat, at Oplan Amihan. Unang nilusob ng kaaway ang Metro Iloilo-Aleosan Complex upang putulin ang kagyat na ruta ng kilusáng masa at hindi mailalantad ang mga kasunod na pagsalakay sa mga prenteng gerilya. Hinigpitan ang kontrol sa masmidya at naging darling ng midya si Jarque.

Nagkaroon ito ng malaking epekto sa kilusáng masa sa anyo ng mas maliliit na mobilisasyon, pag-oorganisa, at paglahok sa mga grupong kultural sa mga pamayanan dulot ng militarisasyon ng mga putíng purok, pagsosona ng mga komunidad, panghaharass, intimidasyon, at black propaganda. Ang grupong kultural sa Capiz, ang Samahan ng Makabayang Manunulat at Artista, ay binuwag dahil sa pananakot. Ang isang lider nitó ay sinalvage ng Alsa Masa sa Dacuton, Dumarao. Sa labas ng eksternal na salik sa mga atake ng kaaway, nariyan din ang mga internal na problema ng kilusán sa anyo ng mga paglihis. May epekto rin ito sa mga puwersa na nagsagawa ng gawaing kultural sa porma ng kawalan ng konsolidasyon, disoryentasyon, at pagkalito.

Nagkaroon ng pansamantalang pag-atras ng progresibo at rebolusyonaryong kilusán sa isla sa antas ng 1978–1979, ayon sa pagsusuma ng Partido sa isla. Ang maling linya ay umugat maging sa gawaing kultural, sa mga insureksiyonistang mobilisasyon, sa opensibang oryentasyon ng kilusáng urban, at sa militarismo at adbenturismong militar sa armadong pakikibáka.[23] Ang mga rebolusyonaryong pahayagan ay pansamantalang itinigil ang operasyon. Maraming puwersa at mga akdang kultural ay "nawala" kalakip na ang mga tula ng maraming awtor, maiikling kuwento, sanaysay, dagli, iskrip ng mga dulá, retrato, poster, komiks, mga salin ng teksto sa Hiligaynon, tape, at slides. Ngunit natirá pa rin ang tradisyong oral, mga kanta, at tula na naisaulo ng masa, at ang mga akdang naiwan ng mga kasáma sa mga lugar na pinagtaguan na naaalala nila. Sa panahon ng pagwawasto, ang mga natirá at bagong henerasyon ng kasáma ay nagpursiging kopyahin at kuning muli ang mga akdang ito mula sa masa. Kailangan nilang muling sulatin ang mga kantang naisaulo ng masa at mga mag-aaral ng programang literasiya ng kilusán noong 1974 na nakaalala pa sa mga itinuro sa kanila.

## ANG IKALAWANG DAKILANG KILUSÁNG PAGWAWASTO AT MULING PAGLAKAS NG GAWAING KULTURAL (1992–2005)

Inilunsad ng Partido ang Ikalawang Dakilang Kilusáng Pagwawasto noong 1992 at naging epektibo ito sa isla simula sa taóng 1993. Isinalin ang mga dokumento ng pagwawasto at masiglang pinag-aralan ng masa at mga alyado. Ang mga sulatín at ekspresyong pampanitikan sa panahong ito ay nakatuon sa pagwawasto, muling-pagpapatibay ng mga batayang prinsipyo, pagbabalik sa gawaing masa, at muling-pagbubuo habang nakikipagtunggali sa mga oportunistang traydor.[24] Naging abalá ang mga kadre sa pamumuno ng gawaing teritoryal para sa armadong pakikibáka, pagbubuo ng base, at pamumuno ng masa para sa rebolusyong agraryo, kampanyang masa, at mga pagkilos sa sentrong urban.

Sa kanayunan, iilang manunulat at artista lámang, tulad nina Rio Roja, Mayamor, P. Francisco, Rubio Rus Lucha, at Ka Sylvia, ang nakapaglaan ng oras para sa pagsusulat sa mga unang taon ng dekada 1990. Ilan sa mga komposo na kinatha ang "Bukid sang Danao," "Kahoy nga Kamandag," at "TO sa Malinao." Ngunit ang mga mas nakababátang henerasyon na produkto ng pagwawasto at kilusáng kabataan nang maagang 1990, tulad ni "Ka Tingting" Mary Jane Dumaplin, ay nagsimula na ring magsulat.

Unti-unting naging aktibo muli ang pagsusulat ng mga tula, awit, at komposo nang muling sumigla ang mga kampanyang masa at taktikala na opensiba upang makapag-ipon ng lakas matapos iwinasto ang problema

[21] Ang mag-amang si Felixberto "Ka Bert" Olalia at Atty. Rolando "Ka Lando" Olalia ay mga bantog na lider-manggagawa sa panahon ng Batas Militar. Si Ka Lando ay pinaslang ng mga ahente ng militar noong Nobyembre 12, 1986. Si Lean Alejandro ay kilaláng lider-aktibista mula sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman na pinatay rin ng mga ahente ng militar noong Setyembre 19, 1986 (Center for Trade Union and Human Rights).

[22] Sumapi si General Jarque sa hanay ng PKP-BHB sa Isla ng Negros noong 1995 (Pabico "Raymundo Jarque").

[23] Ang insureksiyon ay tumutukoy sa isang armadong popular na pag-aalsa sa mga lungsod. Para sa PKP-BHB, napapanahon ang mga insureksiyon sa mga hulíng bahagi ng kanilang digmang bayan. Pinupuna nila bílang insureksiyonista at adbenturistang militar ang paghahangad ng mga insureksiyon sa mga maagang yugto ng armadong pakikibáka. Tingnan ang *The Second Rectification Movement* (2023) ni Jose Maria Sison.

[24] Noong dekada 1990, nahati ang kilusáng rebolusyonaryo na pinamunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas dahil sa mga pagkakaibang ideolohikal. Ang mga kadre at aktibista na pumaloob sa mga posisyong Maoista ng sentral na pamunuan ng PKP ay tinawag na mga reaffirmist habang ang mga tumalikod sa mga prinsipyong ito ay tinawag namang mga rejectionist. Mababása ang posisyong reaffirmist sa librong *The Second Rectification Movement* (Sison). Tingnan din sina Pabico at Quimpo para sa ibang perspektiba.

ng konserbatismo. Ang mga awit at komposong "Bugas, Binhi, Bulong," "Igpahu," at "Sang Kami Naghulag" ay naging resulta ng kontra-gutom at kontra-militarisasyong kampanya sa Hilagang Panay.

Noong 1998, ipinása ang isang koleksiyon ng sulatín nina P. Franco, Mayamor, at Rio Roja sa *Ulos*. Lumabas din ang ilang sulatín sa *Sublak* noong Pebrero 2001. Inilathala sa *Ulos* ang ilang sulatín ni Ka Sylvia sa gitna ng dekada 1990. Inilathala naman ang ilang sulatín ni Ka Pinay at Mary Jane Dumaplin sa seksiyong kultural ng *Liberation*. Kalakip din sa koleksiyong *Muog* (1998) ang ilang sulatín mula sa Panay.

Ngunit ang mga sulatín ng mas nakababátang manunulat ay mamumulaklak talaga sa hulíng bahagi ng dekada 1990 at maagang dekada 2000. Nariyan ang mga salin ng pilíng tula nina Mao Zedong at Ho Chi Minh. Bumalik ang publikasyon ng *Daba-Daba* noong 1998 matapos ang walong taóng temporaryong pagkatigil ng operasyon nitó, nagpatuloy ang produksiyon ng mga praymer, at dumating din sa isla ang ilang kopya ng *Ulos*. Nagpatuloy ang hámon para sa patuloy na pagsusulat at pagkatha. Dahil sa wastong linya ng kilusáng pagwawasto, naging mas aktibo ang kilusáng urban lalo na ng kabataan at mga manggagawa. Ginatungan ito ng tumitinding krisis, sunod-sunod na pagtaas sa presyo ng langis, at iba pang epekto ng imperyalistang globalisasyon. Idinala rin ang kilusán sa kanayunan sa mga putíng purok. Isang malaking salik dito ang pagputok ng mga usapin ng Tumandok noong 1996 lában sa pangangamkam ng lupa ng 3rd Infantry Division. Sumáma ang maraming artista, manggagawang pangkultura, at mga akademiko sa Tumandok indigenous people's assembly sa taóng iyon. Naging interesado sila sa mga usapin ng Tumandok. Napukaw sila na kumatha ng mga likhang-sining hinggil sa temang ito at magsagawa ng mga eksibisyon sa mga mall at paaralan.[25]

Sumunod ang sentenaryo ng Rebolusyong 1896. Ang kampanyang ito ay nagbunga ng album na *Sentenaryo sa Mata sang Proletaryado*. Naglalaman ang album ng mga orihinal na kanta sa Filipino, Hiligaynon, at Ingles tulad ng "Muling Pagtibayin." Ginawa itong isang dulá para sa teatro na itinanghal nang ilang beses.

Huminog ang sitwasyon hanggang ang kilusáng talsik lában kay Joseph Estrada ay rumurok sa EDSA 2. Ipinamalas din ng muling-paglakas ng kilusáng masa ang pagsigla rin ng gawaing kultural mula sa musika (regular na mga konsiyerto), teatro (regular na mga pagtatanghal), sining biswal (mga eksibisyon, mural, at mga plakard na biswal), at panitikan (pagbabasá ng tula at paglabas ng *Bugkos*).

Naging tampok din ang paggawa ng mga pelikula at pagpapalabas ng mga bidyo sa panahong ito. Naimpluwensiyahan ang mga lokal na gumagawa ng pelikula sa rehiyon. Naengganyo rin ang mga film festival sa Lungsod Iloilo na maglabas ng mga progresibo at makabuluhang pelikula tulad ng *Hulot* at *Binukot*. Ang partikular na danas na ito ay sinalamin sa paglabas ng koleksiyon ng tula ni Ka Saludes na *Nagapabilin sa Kabuhi* noong 1998.

Noong Pebrero 2001, nakamit ang layunin na muling-buhayin ang *Sublak* upang tipunin at konsolidahin ang mga akda ng mga kasáma sa kanayunan at lungsod. Gaya ng inaasahan, ang lupon ng editor ng *Sublak* ay binaha ng maraming sulatín kayâ binigyan nitó ng priyoridad ang mga bagong makata.

Naging mas aktibo ang gawaing kultural sa kanayunan. Kinatha ni Ka Sylvia ang "Sibwagan" hinggil sa isang taktikal na opensiba na nangyari noong 2003. Tinipon din ni Bayani Obrero ang kaniyang mga naunang sulatín upang malathala. Kinailangang bawiin ni Rubio Rus Lucha ang kaniyang mga akdang naiwan sa isang corrupted file sa kompyuter at naging matagumpay dito. Násа ikatlong serye na ng kaniyang nobelang *Can-awan* si Rio Roja matapos maisulat ang unang dalawang tomo at ang *Dalugdog sa Setyembre*. Kinailangan ding i-salvage ni Mayamor ang bulto ng kaniyang mga tula at naratibong sulatín. Nagsulat din si Kasámang Bag-ong Andres ng ilang mga kasaysayan upang mapunan ang kawalan ng historikal na representasyon sa Panay at sa papel nina Ka Waling-Waling Coronacion Chiva at Ka Andres Togonon sa pagtatatag ng kilusáng rebolusyonaryo sa isla noong dekada 1970.[26] Nagtulungan ang mga matatandang kadre upang maalala ang kasaysayang ito upang maisulat at maipása sa mga bagong henerasyon ng rebolusyonaryo. Kalakip na rito ang pagsusulat ng mga parangal sa mga martir na kumakatawan sa mga komand ng BHB mga prenteng gerilya sa isla.

Patuloy na pinalalaganap ang mga klasikong kanta na kinatha nina Andante Ardor, Servando Magbanua, at Jaime Kasanag dahil sa kanilang patuloy na halaga. May mga kanta rin mula sa bagong album tulad ng *Alab ng Digma*, *Dakilang Hamon*, at *Anak ng Bayan* na unti-unti ring lumaganap. Nariyan din ang *Rosas ng Digma* na isinasailalim sa kritika.

Noong 2002–2003, muling pinagtibay ang papel ng Partido sa gawaing pangkultura. Kabílang ng tungkuling ito ang pagbalangkas ng mga oryentasyon at gabay para sa mga puwersang nagsagawa ng gawaing kultural at ang iba't ibang larangan nitó tulad ng pagkatha ng mga komposisyon, iskit, at dulá, paglikha ng mga mini-mural, at pagsagawa ng mga presentasyong kultural at kampanya para sa edukasyon. Kasabay ito sa pagbubuo ng mga pangmasang organisasyon na pinatitibay at pinatataas ang nibel bílang bahagi ng kaisahan ng isang kumperensiya sa gawaing masa sa panahong ito. Naging masigla rin ang gawaing kultural sa hanay ng hukbo lalo na sa mga platoon na naitakda bílang batayang pormasyon kasáma ang seksiyong politikal na namumuno nitó.

Ang kalát-kalát na mga akda ng mga kadre, mandirigma, at aktibistang masa ay tinipon sa mga antolohiya. Isa na rito ang *Pabalon kag iban nga*

[25] Ang mga Tumandok ang mga katutubo sa Sentral Panay. Tingnan ang librong *Land and Life* (2022).

[26] Tingnan ang sanaysay ni Salditos na "Remedios Paraiso-Gomez (Kumander Liwayway) kag Coronacion Chiva-Togonon (Kumander Waling-Waling: Kababainhan nga Kumander kag mga Martir sang Pungsodnon-Demokratikong Paghimakas sang Pumulyo."

*Binalaybay* na naglaman ng mga tula mula sa Sentral Panay sa mga taóng 2003–2004. Sumunod dito ang koleksiyon ng sulatín mula sa mga kasáma sa Timog Panay na may pamagat na *Tinipon nga mga Sinulatan-Globe*. Kalakip dito ang mga sulatín ng kabataang manunulat na pupunô na sa isang tomo kung titipunin lahat—Ka Ella Manindugan, Liwayway Paglaum, Ka Soliman, KD Armada, Ka Riza, Candido Iban II, Ka Gyne, at iba pa.

Bukod dito, naisasáma rin sa kultural na seksiyon ng websayt ng PKP ang mga dihital na kopya ng *Daba-Daba,* mga press release, at pahayag ng Partido at Waling-Waling Command, *Sublak*, at iba pang mga sulatín mula sa Panay. Kalalabas sa panahong ito ang *Rebanek*, mga tinipong dagli at anekdota ni Rubio Rus Lucha na pinunan ni Mayamor, ang koleksiyon ng tula ni Mayamor na *The Enemy's Son and Other Poems* at *Mga Hilwalaybay nga Waay Prosodyo*, at ang *Pila ka Binalaybay ang Akon Gingikanan* ni Bayani Obrero.

Nagpatuloy ang paglikha ng sining biswal mula sa paggawa ng mga card, disenyo ng T-shirt para sa uniporme ng hukbo, mga drawing sa *Daba-Daba* at *Sublak*, at mga visual aid sa *Anahaw*; silkscreen ng mga biswal para sa *Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino* at *Espesyal na Kursong Masa*, at iba pang isketch at drawing.

Naging malaking pag-unlad din ang paggamit ng mga produksiyong multi-media at presentasyong bidyo sa larangan ng gawaing kultural. Nagpatuloy pa rin ang mga tradisyonal na pagtatanghal pangkultura tulad ng pag-awit ng koro, pagbabasá ng mga tula, sayaw, drama at teatro sa hanay ng mga mandirigma, masa, at alyado. Ngunit pinataas ng multimedia ang kalidad ng teatro, musika, panulaan, pagsulat ng iskrip, potograpiya, at sining biswal bílang produksiyon. Naglabas ang rehiyon ng Panay ng mga dokumentaryo tulad ng "Panait sang Tumandok," "Waling-Waling," at "Tubong-tubong sa Hunyo" na nagtalá sa kampanyang militar noong 2004. Nagkaroon din ng awdyo-biswal na pahayag ang Partido para sa kaniyang ika-37 anibersaryo na ibinahagi sa masmidya. Mas marami nang materyal ngayon na oras na lamáng ang kailangan upang magawan siláng lahat ng produksiyong multimedia. Patuloy rin na ipinalalabas ang mga dokumentaryo at pelikula sa mga mandirigma sa sonang gerilya, mga masa, at alyado. May mga bagong binalaybay na isinulat para sa mga kampanyang militar, pagpaparangal kay Waling-Waling sa Setyembre, mga produksiyong multimedia, at marami pang iba.

Mas marami pa ang kailangang tipunin, pakinisin, ikritika, i-encode, at aprobahan. Ngunit sa tamang panahon, natatanaw natin ang karagdagang mga tagumpay sa gawaing kultural habang nakakamit natin ang mga pag-unlad sa ating demokratikong rebolusyong bayan. Hindi lamáng natin binabago ang bulok na kultura kundi maging ang materyal na batayang panlipunan na násà ubod nitó.[27]

## TALÂ NG TAGASALIN

Ang sanaysay na ito ay orihinal na isinulat sa wikang Hiligaynon ni Roger Felix V. Salditos, isang manunulat at rebolusyonaryong martir mula sa Kanlurang Kabisayaan. Sa sanaysay na ito, gumamit si Salditos ng mga historikal, politikal, at kultural na mga batis na madalas ay hindi pamilyar sa mga karaniwang mámbabasá sa labas ng kagyat na tagpuan na kinikilusan ng awtor. Ito ang rason ng paglagay ko ng mga talâ upang maipaliwanag ang ilang nilalaman nitó. Dinagdagan ko na rin ang sanaysay ng mga listahan ng sanggunian upang makatulong sa mga mámbabasá na interesadong magbasá ng higit pa tungkol sa paksa.

Inilatag ni Salditos sa kasalukuyang sanaysay ang isang masaklaw na kasaysayan ng rebolusyonaryong gawaing pangkultura at pampanitikan sa Isla ng Panay mula sa dekada 1970 hanggang sa taóng 2005. Bílang namumunong kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), kabílang sa kaniyang mga tungkulin ang pangangasiwa ng komite sa edukasyon at propaganda ng Partido sa rehiyon (*Daba-Daba,* 4). Nakatuon ang sanaysay sa enumerasyon at paglalarawan sa mga akdang pampanitikan at mga produksiyong pangkultura na isinagawa ng mga rebolusyonaryo, aktibista, at kasáma na kahanay ng kilusáng rebolusyonaryo na pinamumunuan ng PKP. Ang ilang bahagi ng artikulo ay mailalakip sa introduksiyon ng patnugutan ng Oktubre 2006 isyu ng *Ulos*, ang rebolusyonaryong pangkulturang journal na pinangangasiwaan ng Artista at Manunulat ng Sambayanan o ARMAS.

Ang Isla ng Panay ay isa sa mga nangungunang rehiyon sa produksiyon ng pagkain sa Pilipinas. Malapít na magkarugtong ang kasaysayan ng Panay sa pag-usbong ng ekonomiyang hacienda sa karatig na Isla ng Negros noong ikalabingsiyam dantaon. Pinaggalingan ang isla ng libo-libong mga migranteng manggagawang bukid na namasukan sa malalawak na plantasyon sa Negros habang sa daúngan sa siyudad ng Iloilo naman ipinaraan ang tone-toneladang asukal para sa eksport (McCoy, "A Queen Dies Slowly," 318–326). Tahánan din ang isla ng mga katutubong Tumandok na napanatili ang kanilang kultura sa harap ng banta ng kolonyalismo at agresyong pangkaunlaran sa pangunguna ng estado (Bañez, 132–134; Talledo, 112–114). Ang matinding kahirapan ng atrasadong ekonomiyang agraryo ay mahalagang salik sa pagsiklab ng mga pag-aalsang pesante sa dalawang isla mula sa panahon ng paghaharing kolonyal hanggang sa kasalukuyan. Ito rin ang konteksto sa paglahok ni Salditos at marami mula sa kaniyang henerasyon sa PKP na sa pamamagitan ng armadong grupo nitóng Bagong

[27] Nagsimula ang orihinal na talata sa sumusunod na sipi. Hindi ko na ito inilakip sa mismong katawan ng teksto dahil sa katangiang kondiyantiyoryal nitó na tumutugon sa partikular na panawagang politikal ng kilusáng rebolusyonaryo sa panahon ng pagsusulat ng sanaysay: "Ang kilusán para sa pagpapatalsik ng rehimeng Arroyo sa mga putíng purok at ang pagsulong ng mga taktikal na opensiba sa kanayunan ay diyalektikal na naglulugar sa mga artista at mga manunulat upang mahasa sa gitna ng pagkilos habang kumakatha at nagpapayaman sa nilalaman at anyo ng gawaing kultural. Sa parehong paraan, nabuklod din nitó ang puwersa ng sambayanan para sa pagpapatalsik ng rehimeng Arroyo."

Hukbong Bayan (BHB) ay patuloy na naglulunsad sa pinakamahabang insurhensiyang komunista sa daigdig (Mongaya, "Roger Felix Salditos and Agrarian Class Struggles in Panay Island, Philippines", 3–5).

Isinilang si Salditos sa bayan ng Ilog sa Negros Occidental noong 1958. Lumaki siya sa pamilya ng mga maralitang magsasaká. Pumasok siya sa seminaryo sa Lungsod Bacolod ngunit noong 1979, hindi na niya tinapos ang kaniyang pag-aaral. Buong panahon na siyang kumilos para sa kilusáng rebolusyonaryo. Nadestino siya sa Isla ng Panay kung saan inalay niya ang kaniyang búhay sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pagbabago sa píling ng mga másang pesante at katutubong Tumandok. Noong Agosto 15, 2018, pinaslang ng militar si Salditos at anim niyang kasámahan sa San Jose, Antique. Ayon sa mga awtoridad, nanlában sina Salditos at ang tinaguriang "Antique 7" ngunit tumitindig ang mga grupo sa karapatang pantao na walang lában siláng minasaker ng mga puwersa ng estado (Burgos; *Daba-Daba,* 4).

Mas kilalá si Salditos sa kaniyang mga sagisag-panulat na Mayamor at Maya Daniel na ginamit niya upang pirmahan ang kaniyang mga binalaybay at sining biswal. Ang kaniyang mga binalaybay ay inilathala hindi lámang sa mga peryodikong kultural ng kilusáng rebolusyonaryo kundi maging sa ilang publikasyong komersiyal. Kalakhan ng kaniyang mga akdang pampanitikan ay tinipon sa mga sariling-gawang chapbook na ibinahagi sa kaniyang mga kasáma at kaibigan. Hindi na naging sákop ng kaniyang sanaysay ang transisyon mula sa paglikha ng mga anyong pampanitikan at kultural gámit ang tradisyonal na midya patúngo sa págsamantalá sa mga makabagong espasyo na binuksan ng internet at iba pang makabagong teknolohiya. Ngunit mula sa taóng 2015 ay naging aktibo si Salditos na isiwalat ang kaniyang mga binalaybay at iba pang akda sa wordpress website na https://mayadanielblog.wordpress.com at Facebook account gámit ang sagisag-panulat na Maya Daniel (Mongaya, "Pag-aakda ng isla ng Panay bílang pook ng paglában," 97). Inilathala ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman ang ilan niyang tula na tinipon at sinalin ng kapuwa niyang rebolusyonaryong makata na si Kerima Tariman sa librong *50: Mga Binalaybay ni Roger Felix Salditos* (2020).

Mula sa punto de bistang akademiko, may makabuluhang ambag ang sanaysay ni Salditos sa pagpapalawak at pagpapalalim ng mga naunang pagsisikap na imapa ang naabot at mga hanggahan ng mga produksiyong pangkultura at pampanitikan sa Isla ng Panay at Kanlurang Kabisayaan (Hosillos, 1–4; Alunan, 337-339). Mahalaga ang pagtatalâ at paglalarawan ni Salditos sa mga tampok na rebolusyonaryong akdang pampanitikan at pangkultura at pagsasakonteksto nitó sa mga pangunahing tunggaliang panlipunan sa Panay mula sa panahon ng paghahari ng diktadurang Marcos at lampas sa panahong ito. Maaaring maging lunsaran ang panimulang hakbang ni Salditos sa mas komprehensibong pananaliksik na mas may higit na tuon sa pagpapayaman sa kaalaman hinggil sa paksang ito. Isang paalala rin ito sa mga iskolar at maging sa mga aktibista sa kahalagahan ng dokumentasyon at pag-aartsibo ng mga produksiyong kultural at pampanitikan na nagmumula sa larang ng samot-saring tunggaliang makauri at panlipunan.

Bílang pagkilala sa pinagmulang kalinangan ni Salditos, ginamit kong batayan sa pagsasalin ng sanaysay ni Salditos ang "Gabay sa Pagsasalin" at "Ilang Punto Tungkol sa Ispeling, Bokabularyo, at Balarilang Pilipino" na inilakip sa aklat na *Kilusáng Pambansa-Demokratiko sa Wika* (1992) ni Monico M. Atienza. Hindi nakapaloob sa politikal na institusyonal na balangkas ng kilusáng rebolusyonaryo ang aking pagsalin kay Salditos kung kayâ mas tumuon ako sa antas ng "pagsasaling batay sa kahulugan" kaysa sa prinsipyo ng "pagsasalin batay sa konteksto" na siyang tumatayong teoretikal na edipisyo ng pagsasalin sa loob ng kilusán (De Villa, 145-159). Inilarawan ng isang tagasalin ang panulaan ni Salditos bílang "pagsasakongkreto ng búhay na danas ng mga inaapi" na ipinahayag sa karaniwang wika. Inilarawan niya halimbawa ang pagkalugi ng agrikultura dulot ng liberalisasyon bílang "matinding sakít ng tiyan" (Abalajon, 290). May parehong kayarian ang prosa ni Salditos. Simple at deretso sa punto ang mga ito.

Relatibong naging madalí ang pagsasalin mula sa Hiligaynon ni Salditos patúngo sa Filipino dahil sa kaniyang paggamit ng mga termino at konseptong payak sa kilusáng rebolusyonaryo sa iba't ibang dako ng Pilipinas. Ngunit nanatili pa rin ang mga hámon sa pagsasalin. Ikalawang wika ko ang Hiligaynon na natutuhan lámang nang nag-aral ako ng batsilyer sa Unibersidad ng Pilipinas Visayas sa Iloilo. Pero tadtad din ng Kinaray-a ang Hiligaynon ni Salditos na sumasalamin sa wika ng mga pesante at katutubong Tumandok na kaniyang kinikilusan bílang isang rebolusyonaryo sa mga kabundukan ng Panay. Ang tanging signipikanteng modipikasyon ko sa orihinal na teksto ay ang paglakip ng pangalawang pamagat na "Pagsibol, Pagsulong, Paglihis, at Pagwawasto" na nagsusuma sa daloy ng sanaysay. Pinaikli ko rin ang ilang ulo ng mga seksiyon.

Nagpapasalamat ako kay Ruth Salditos, ang kabiyak ng awtor, sa pagbibigay ng pahintulot upang maisalin at mailathala ang sanaysay na ito sa *Dalúyan: Journal ng Wikang Filipino*. Nagpapasalamat din ako kina John Ian Alenciaga, Cynthia Deduro, Siegfred Deduro, Tomas Talledo, at iba pang mga kasáma mula sa Panay na sumuporta sa pagsisikap na ito. Salamat din sa mga kapuwa-patnugot na sina Dr. Raniela Barbaza at Dr. Mary Jane Rodriguez-Tatel at sa dalawang peer reviewer para sa makabuluhang komentaryo at mungkahi.

## MGA SANGGUNIAN


Abalajon, Eric. "Mayamor: Four Poems." *Tripwire: A Journal of Poetics* 19, 2023, 289–290.

Aguilar, D. "Interview with Ma. Luisa (Luing) Posa Dominado." *Bulatlat*, April 28, 2008. https://www.bulatlat.com/2008/04/28/interview-with-ma-luisa-luing-posa-dominado/.

Alunan, Merlie M. *Sa Atong Dila: Introduction to Visayan Literature*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2015.

Atienza, Glecy, Bievenido Lumbera, at Galileo Zafra. *Bangon: Antolohiya ng mga Duláng Mapaghimagsik*. Quezon City: UP Office of Research Coordination, 1998.

Atienza, Monico. *Kilusáng Pambansa-Demokratiko sa Wika*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas, 1992.

Bañez, Ma. Arve. "The Political Biography of Dalama: From Binukot to Revolutionary." *Tambara* 19 (2002): 123–38.

Bantayog ng mga Bayani Foundation Inc. *Ang Mamatay Nang Dahil Sa 'Yo: Heroes and Martyrs of the Filipino People in the Struggle Against Dictatorship 1972-1986*. Vol. 1. Manila: National Historical Commission of the Philippines, 2015.

Barrios, John, M. Cichon, at D. Ilio. *The Katipunan in Aklan*. Manila City: National Centennial Commission, 1997.

Bello, Walden. *Creating the Third Force: US Sponsored Low Intensity Conflict in the Philippines*. San Francisco, CA: The Institute for Food and Development Policy, 1987.

Burgos, Nestor. "Soldiers, Cops Massacred 7 Alleged NPA Rebels in Antique, Families Say." *Philippine Daily Inquirer*, August 17, 2018. https://newsinfo.inquirer.net/1022373/army-troops-police-massacred-7-alleged-npa-members-in-antique-families-say.

Center for Trade Union and Human Rights. *Buhay at Dugo ng Anakpawis... Alay sa Bayan: Antolohiya ng Talambuhay ng mga Bayani ng Ating Panahon*. Manila: CTUHR, 1987.

*Daba-Daba*. "Ka Dudi: Propagandista kag Edukador sang Rebolusyon." *Daba-Daba*, August 2020, 4–6.

De Villa, Ma. Theresa L. *Teorya at Praktika ng Pagsasalin ng Philippine Society and Revolution ni Amado Guerrero, 1968–1982*. Quezon City: UP Center for Integrative and Development Studies, 2002.

Doromal, J. D. *The War in Panay: A Documentary History of the Resistance Movement in Panay during World War II*. Manila: Diamond Historical Publications, 1952.

Firmeza, Ruth, et al. *STR, Mga Tula Ng Digmang Bayan Sa Pilipinas*. Pilipinas: LINANG Kilusán sa Paglilinang ng Rebolusyonaryong Panitikan at Sining sa Kanayunan, 1989.

Guillermo, Gelacio. Pat. *Muog: Ang Naratibo ng Kanayunan sa Matagalang Digmang Bayan sa Pilipinas*, ng Instityut sa Panitikan at Sining ng Sambayanan (IPASA). Quezon City: University of the Philippines Press, 1998.

Hosillos, Lucila V. *Hiligaynon Literature: Texts and Contexts*. Quezon City: Aqua-Land Enterprises, 1992.

HRVVMC. "Honoring the Martyrs of the Culasi/Bacong Bridge Massacre of 1981." Human Rights Violations Victims' Memorial Commission, December 20, 2020. https://hrvvmemcom.gov.ph/culasi-bacong-bridge-massacre-of-1981/.

Labiste, Ma. Diosa. "Two women honored as martyrs in the resistance to Marcos dictatorship." *Women Writing Women*, December 5, 2017. https://womenwritingwomen.com/2017/12/05/two-women-honored-as-martyrs-in-the-resistance-to-the-marcos-dictatorship-2/.

*Land and Life: The Tumandok People of Panay and Their Struggle*. Iloilo City: Iloilo Legal Assistance Center & Taiwan Foundation for Democracy, 2022.

Lanzona, V. *Amazons of the Huk Rebellion: Gender, Sex, and Revolution in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2010.

Lucero, Rosario Cruz. "Negros Occidental 1970-1986: The fall of the sugar industry and the rise of people's theater." PhD Dissertation, University of the Philippines, Diliman, 1990.

Manikan, G. *Guerilla Warfare on Panay Island in the Philippines*. Quezon City: Bustamante Press, 1977.

McCoy, Alfred. "A Queen Dies Slowly: The Rise and Decline of Iloilo City." *Philippine Social History: Global Trade and Local Transformations,* inedit nina Alfred McCoy at Ed C. de Jesus, 297–358. Quezon City: Ateneo de Manila University, 1982.

——. Ilo-ilo Fractional Conflict in a Colonial Economy, Iloilo Province, Philippines, *1937–1955*. PhD Dissertation, Yale University, 1978.

——. *Policing America's Empire: The United States, the Philippines, and the Rise of the Surveillance State*.

Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2011.

——. “The Iloilo General Strike: Defeat of the Proletariat in a Philippine Colonial City.” *Journal of Southeast Asian Studies* 15, blg. 2, 1984, 331–64.

Mongaya, Karlo Mikhail I. “Models of Revolutionary Action: The Kasáma in *Ang Bayan* during the Anti-Dictatorship Struggle (1982–1985).” *Kritika Kultura* 39, 2022, 458–97. https://dx.doi.org/10.13185/KK2022.003922.

——. “Pag-aakda ng isla ng Panay bílang pook ng paglában: Ang mga binalaybay ni Mayamor / Maya Daniel / Roger Felix Salditos.” *Dalúyan Journal ng Wikang Filipino* 27, blg. 1, 2021, 96–116.

——. “Roger Felix Salditos and Agrarian Class Struggles in Panay Island, Philippines.” *Agrarian South: Journal of Political Economy,* 13, blg. 1, 2024, 1–31. https://doi.org/10.1177/22779760241226810.

——. “Sosyo-Semyotiks ng Welgang Bayan: Representasyon ng Panlipunang Aktor sa Rurok ng Anti-Diktadurang Pakikibáka.” *Humanities Diliman* 19, blg. 2, 2022, 34–73.

Pabico, Alex. “Raymundo Jarque.” *Philippine Center for Investigative Journalism*. February 2, 2006. https://web.archive.org/web/20201124103449/https://old.pcij.org/stories/raymundo-jarque/.

——. “The Great Left Divide.” *The Investigative Reporting Magazine* V(2): April–June 1999. https://web.archive.org/web/20100615074927/https://pcij.org/imag/SpecialReport/left.html.

Quimpo, Nathan G. *Contested Democracy and the Left in the Philippines After Marcos*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2008.

Salditos, Roger Felix. [Maya Daniel]. “Halaud – Ang Pula nga Suba sa Kasaysayan kag Paghimakas sang Panaynon.” *Mayadanielblog,* 5 Nobyembre 2015. https://mayadanielblog.wordpress.com/2015/11/05/9/.

——. “Remedios Paraiso-Gomez (Kumander Liwayway) kag Coronacion Chiva-Togonon (Kumander Waling-Waling: Kababainhan nga Kumander kag mga Martir sang Pungsodnon-Demokratikong Paghimakas sang Pumulyo.” *Mayadanielblog*, Nobyembre 5, 2015. https://mayadanielblog.wordpress.com/2015/11/05/14/.

——. “Ang Pag-alsa sang mga Mangunguma sa Panay batuk sa mga Dumuluong kag Paggamit sang ‘Aswang’ bílang sangkap sang Nagaharing Sahi sa Pamahug kag Saywar.” *Mayadanielblog,* Enero 22, 2016. https://mayadanielblog.wordpress.com/2016/01/22/sanaysay-ang-pag-alsa-sang-mga-mangunguma-sa-panay-batuk-sa-mga-dumuluong-kag-paggamit-sang-aswang-bílang-sangkap-sang-nagaharing-sahi-sa-pamahug-kag-psy-war/.

Salditos, Roger Felix. *50: Mga Binalaybay ni Roger Felix Salditos (Mayamor / Maya Daniel)*, salin ni Kerima Lorena Tariman. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino University of the Philippines Diliman, 2020.

Sison, Jose Maria. “Our Urgent Tasks.” Sa *Selected Readings from the Works of Jose Maria Sison*, 340–95. Paris: Foreign Languages Press, 2021/1976. https://foreignlanguages.press/wp-content/uploads/2021/11/B07-Selected-Readings-of-Jose-Maria-Sison-4th-Printing.pdf.

——. “Summing Up Our Experience After Three Years.” Sa *Foundation for Resuming the Philippine Revolution*, 375–410. The Netherlands: International Network for Philippine Studies, 2013/1972.

Sison, Jose Maria [Armando Liwanag]. *The Second Rectification Movement: Writings by Armando Liwanag*. Paris: Foreign Languages Press, 2023/1992.

Talledo, Tomas. “Construction of Identity in Central Panay: A Critical Examination of the Ethnographic Subject in the Works of Jocano and Magos.” *Asian Studies* 40, blg. 1, 2004, 111–23.

*Ulos*. “Umaagos ang Rebolusyong Pangkultura sa Isla ng Panay!” *Ulos,* October 2006, 9–25.

Si **ROGER FELIX SALDITOS** (1958–2018) ay isang manunulat at rebolusyonaryong martir mula sa Kanlurang Kabisayaan. Mas kilalá sa kaniyang mga sagisag-panulat na Mayamor at Maya Daniel, kinikilala si Salditos ng ilang iskolar bílang isa sa mga pinakamahusay na makata mula sa hanay ng kilusáng rebolusyonaryo na nagsusulat sa wikang Hiligaynon. Inilathala ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman ang ilan niyang tula sa librong *50: Mga Binalaybay ni Roger Felix Salditos*.

Si **KARLO MIKHAIL I. MONGAYA** ay katuwang na propesor sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Siya ay associate editor sa *Agrarian South Research Bulletin* at manunulat para sa Global Voices.